

## 2020 Taong Internasyonal ng Nars at ng Komadrona

Mga pamamaraan para makatulong tayong lahat at ang publiko sa kampanya ng WHO na itaguyod at ipagdiwang ang 2020 Taong Internasyonal ng Nars at ng Komadrona (<https://www.who.int/campaigns/year-of-the-nurse-and-the-midwife-2020>)

- Magbigay ng parangal sa pagkilala sa mga narses at mga komadrona.  
Magtatag ng kaganapan para parangalan ang mga narses at komadrona sa inyong pamayanan. Huwag kalimutang ibahagi ang mga seremonya sa balitang panlipunan (#SupportNursesAndMidwives).
- Magtatag o maging aktibo sa kaganapang publiko o sa mga pagpupulong.  
Isama ang mga narses, komadrona at mga pinuno sa kalusugan. Imbitahin ang balitang himpapawid para maiulat ang kaganapan sa telebisyon at iba pang plataporma.
- Lumikha ng mga posters para sa Taong Internasyonal ng Nars at ng Komadrona.  
Itanghal ang mga posters sa mga pasilidad pangkalusugan, tindahan, paaralan, at mga silid-aklatan. May mga opisyal na materyales ang WHO sa kanilang “pook-sapot” o websayt.
- Humingi ng suporta sa mga lokal na pamahalaan, mga artista, at iba pang kilalang mga tao.  
Humingi ng tulong sa kanila na itaguyod ang kampanya ng WHO sa kanilang paglitaw sa publiko, pakikipanayam sa radio at telebisyon, at sa balitang panlipunan at kanilang “pook-sapot” o websayt. Hikayatin din ang mga taong may abilidad sa mga likhang sining - pagpipinta, palabas-dulaan, o tula at mga kuwento na may kinalaman sa narsing at pangungumadrona.
- Humingi ng tulong sa mga tagapagbalita para ihayag ang mensahe sa publiko, mga pulitiko, at sa mga gumagawa ng mga patakaran sa gobyerno.  
Ang mga taga-ulat ay interesado sa mga kuwento. Kailangan bigyan sila ng sapat na panahon para makapaghanda sa pag-ulat ng kahulugan ng 2020 Taong Internasyonal ng Nars at ng Komadrona. Bigyan sila ng mga ideya kung paano maparangalan ang mga kilalang narses at komadrona at magbahagi ng mga lathala tungkol sa narsing at pangungumadrona sa inyong pamayanan.

- Palakasin ang pakikisama sa mga organisasyon.

Itatag na mabuti ang pakikisama sa mga organisasyon na kapareho ng inyong layunin tulad ng samahan ng mga narses at mga komadrona, samahang hindi gobyerno, mga tagapagtaguyod ng pangangalaga sa kalusugan, at mga pinuno ng pamayanan. Mas maraming mga tinig, mas mabuti.

- Umanib sa “thunderclap,” isang uri ng plataporma sa balitang panlipunan.

Sa kampanyang ito, gamitin ang hashtag#SupportNursesAndMidwives. Magbahagi ng mga kuwento, mga larawan, at mga bidyo tungkol sa mga narses at mga komadrona, na siyang makapagpapaliwanag ng kanilang mga tungkulin sa kanilang propesyon, ang kahalagahan nila, at bakit ang malaking pamumuhunan sa kanila ay napakahalaga. Puwedeng mag-umpisa na ilagay ang tatak ng Taong Internasyonal ng Nars at ng Komadrona sa iyong “profile.” Sundan ang WHO, ICN, ICM, at Nursing Now para panatilihing napapanahon ang mga pangyayari at ibahagi ang kanilang mga mensahe.

- Kumilos na!

Magtatag sa inyong pamayanan ng “Walk the Talk – the Health for All Challenge”. Ito ay makakapagtaguyod ng malusog na pamumuhay at makakahikayat sa lahat na kumilos para sa kalusugan.

- Talatakdaan ng mga kaganapan sa 2020 Taong Internasyonal ng Nars at ng Komadrona.

Mas mainam at epektibo na magtatag ng kampanya sa buong taon ng 2020 kung susundin ang mga petsa na nakatakda sa kalendaryo ng WHO.

- Tumulong sa paghubog ng kinabukasan ng narsing at pangungumadrona.

Ang kampanya para sa 2020 Taong Internasyonal ng Nars at ng Komadrona ay pinamamahalaan ng mga pinakamataas na samahang internasyonal. Subalit, bawa’t nars, bawa’t komadrona – at pati na ang mga miyembro ng publiko – ay pinakikiusapan na itaguyod ang kampanya. Bawa’t kontribusyon ay makakatulong sa nararapat na pagkilala sa propesyon at sa pagbuti ng pagkalinga sa kalusugan sa bawa’t pamayanan sa buong mundo. Tingnan ang 2020 kalendaryo para sa Taon ng Nars at ng Komadrona sa “pook-sapot” o websayt ng WHO. Walang bayad ang mag-download ng kanilang “campaign toolkit.”

Ang pagsalin sa Tagalog ng WHO Campaign Toolkit for the 2020 International Year of the Nurse and the Midwife ay isinagawa ni: Lyvia Mendoza-Villegas, GN’68, BSN’71, MA, RN, FNP (retired); UPNAAI Life Member/Member, Advisory Council  
Petsa: Mayo 7, 2020